



Pag aanyaya Para sa mga Pilipino

Ano ang Sinasabi ng Islam Tungkol sa Layunin ng Buhay?





Pag aanyaya Para sa mga Pilipino

Ano ang Sinasabi ng Islam Tungkol sa Layunin ng Buhay?

Naisip mo na ba ang mga tanong na ito?

“Ano ang layunin ng lahat ng bagay?”

“Paano tayo naparito?”

“Ano ang ibig sabihin nito?”

“Ano ang kahulugan ng buhay?”

Sa iba't ibang panig ng mundo, maraming tao ang nagtatanong: “Ano ang layunin ng buhay?

” at “Bakit tayo naririto?” Maaari kang magulat na malaman na ang Islam ay nagbibigay ng malinaw at tuwirang kasagutan sa mga tanong na ito.

Karamihan sa mga taong nagmumuni–muni o

nag–iisip nang malalim tungkol sa buhay ay iniisip at pinagpapalano ang mga tanong na ito.



Pag aanyaya Para sa mga Pilipino

Mayroong kasing dami ng sagot sa mga tanong na ito tulad ng dami ng mga taong nagtatanong.

May ilan na naniniwala na ang layunin ng buhay ay magkamal ng yaman. Ngunit paano kung makamit nila ang milyun–milyong dolyar—ano ang magiging layunin nila pagkatapos noon?

Kung ang layunin ng buhay ay yumaman, wala nang layunin kapag naabot na ito. Sa katunayan, kapag ang isang tao ay nakatuon lamang sa pagkamit ng yaman, at nakamtan na ang perang kanyang pinapangarap, nawawala ang layunin ng kanyang buhay at namumuhay siya sa pagkabalisa at pakiramdam na walang saysay.



Pag aanyaya Para sa mga Pilipino

**Paano magiging layunin ng buhay ang yaman?
Maititiyak ba ng yaman ang kaligayahan?**

Siyempre hindi! Kung maririnig natin ang balita na may mga milyonaryo o kaanak nila na nagpapakamatay, paano natin masasabi na ang layunin ng buhay ay ang magkamal ng malaking yaman?

Ang isang limang taong gulang ay mas pipili ng bagong laruan kaysa sa resibong nagpapatunay na may deposito siyang isang milyong dolyar.

Ang isang kabataan ay hindi ipagpapalit ang kasiyahan sa panonood ng pelikula,

pagkain ng pizza, at pakikisalamuha sa kaibigan kapalit ng milyon–milyong dolyar sa bangko.



Pag aanyaya Para sa mga Pilipino

Ang isang tao na nasa edad 80 o 90 ay hindi hahawak ng mahigpit sa yaman kapalit ng paggastos nito para mapanatili o maibalik ang kanyang kalusugan. Pinapatunayan nito na hindi yaman ang pangunahing layunin sa lahat ng yugto ng buhay ng tao.

Maliit o walang naitutulong ang yaman para magdala ng kaligayahan sa taong hindi naniniwala sa Diyos na Makapangyarihan sa lahat. Anuman ang kanyang makuha sa buhay na ito, palagi siyang mabubuhay sa takot sa mangyayari sa huli. Magtatanong siya kung saan siya patutungo at paano siya magwawakas.

Ang yaman bilang layunin ay pansamantalang tagumpay lamang, at sa huli ay magdudulot lamang ito ng sariling pagkawasak.



Pag aanyaya Para sa mga Pilipino

Kung gayon, ano ang silbi ng yaman para sa taong walang paniniwala? Lagi niyang ikatatakot ang kanyang katapusan, at palagi siyang magdududa sa lahat ng bagay. Maaari siyang magkamal ng malaking kayamanan ngunit sa huli ay mawawala rin siya.

Ang Pagsamba sa Nag-iisang Tunay na Diyos ng Sansinukob (Allah sa wikang Arabe) bilang pangunahing layunin ng buhay ay nagbibigay sa isang mananampalataya ng lahat ng kailangan niya upang magtagumpay sa buhay na ito at sa Kabilang Buhay.

Ang salitang Arabe para sa lubos na pagsuko, pagpapasakop, pagsunod, kadalisayan ng puso, at kapayapaan ay Islam. Ang mga nagsisikap gawin ito ay tinatawag na Muslim (“Islam-er” o tagasunod ng Islam).



Pag aanyaya Para sa mga Pilipino

Para sa isang Muslim, ang buong layunin ng buhay ay ibadah o pagsamba sa Nag-iisang Diyos na Makapangyarihan sa lahat ayon sa Kanyang mga kondisyon at kagustuhan.

Ang “pagsamba” para sa isang Muslim ay sumasaklaw sa lahat ng anyo ng pagsunod sa Allah.

Ang layunin ng buhay ng isang Muslim ay tuloy-tuloy: ang pagsamba sa Allah sa pamamagitan ng pagtanggap ng Kanyang kalooban higit sa sarili.

Ang gawaing ito ng ibadah—ang pagpuri, pagpasalamat, at pagkilala sa kadakilaan ng Allah ayon sa Kanyang itinakda—ay isinasagawa sa lahat ng yugto ng buhay, maging sa pagkabata, kabataan, pagtanda, o katandaan.



Pag aanyaya Para sa mga Pilipino

Bagama't maikli ang buhay dito sa mundo, puno ito ng layunin at kahulugan sa ilalim ng kabuuang balangkas ng Islam. Sa Kabilang Buhay, ang kanyang pananampalataya, layunin, ugali, at mabubuting gawa ay susukatin at ilalagay siya sa mataas na kalagayan sa harap ng kanyang Tagapaglikha at Tagapagpanustos. Dahil itinuturo ng Islam na ang buhay na ito ay isang pagsubok, natural lamang na tanggapin niya ang kamatayan hindi bilang katapusan ng lahat, kundi bilang simula ng walang hanggang buhay sa kabilang daigdig.

Bago pumasok sa alinman sa huling hantungan—Paraiso o Impiyerno—magkakaroon muna ng Araw ng Paghuhukom upang maipakita sa bawat isa ang kanyang tunay na sarili at maunawaan kung ano ang ipinadala niya sa kanyang hinaharap habang siya ay nabubuhay sa mundo.



Pag aanyaya Para sa mga Pilipino

Ang bawat isa ay gagantimpalaan o parurusahan ayon sa kanyang saloobin, pagpapahalaga, at pagsisikap sa panahong nasa mundo.

Walang pananagutin sa gawa o paniniwala ng iba, at walang pananagutin sa mga bagay na hindi niya alam o hindi niya kayang gawin.

Ang buhay dito ay itinuturing na pagsusulit para sa bawat isa, at ang kamatayan ay isang panahon ng pagpapahinga matapos ang pagsusulit. Madali ito para sa tapat at masigasig,

ngunit maaaring maging napakahirap para sa masama. Ang gantimpala at parusa ay magiging katumbas ng gawa ng bawat isa, at si Allah lamang ang magiging Pangwakas na Hukom ng lahat.



Pag aanyaya Para sa mga Pilipino

Sa aral ng Islam, malinaw at lohikal ang linya ng buhay at layunin nito:

- **Ang unang buhay ay isang pagsubok**
- **Ang buhay sa libingan ay panahon ng paghihintay bago ang Araw ng Paghuhukom**
- **Sa Araw ng Paghuhukom, malinaw na malalaman ng tao ang kanyang magiging hantungan ayon sa kanyang kagustuhan at gawa**
- **Ang Kabilang Buhay ay gugugulin alinman sa marangyang kaligayahan o matinding parusa**



Pag aanyaya Para sa mga Pilipino

Dahil dito, malinaw ang layunin ng isang Muslim:

- 1–Alam niyang siya ay nilikha lamang ni Allah**
- 2–Alam niyang gugugol siya ng panahon sa mundong tinatawag na Ad-Dunya**
- 3–Alam niyang mamamatay siya**
- 4–Alam niyang gugugol siya ng panahon sa libingan, magaan o mahirap depende sa kanyang mga gawa at saloobin**
- 5–Alam niyang muling bubuhayin siya para sa Araw ng Paghuhukom**
- 6–Alam niyang siya ay huhusgahan sa pinakamakatarungang paraan ni Allah na Makapangyarihan at Maalam**
- 7–Alam niyang lahat ng kanyang saloobin at gawain ay susuriing mabuti**
- 8–Alam niyang ang maikling buhay na ito ay pagsubok lamang kumpara sa Walang Hanggang Buhay**



Pag aanyaya Para sa mga Pilipino

Napakahalaga ng buhay na ito para sa isang Muslim, dahil nauunawaan niyang dito matutukoy ang kanyang kalalagyan sa Kabilang Buhay. Ang kanyang pangmatagalang layunin ay sumuko, magpasakop, sumunod, may kadalisayan at kapayapaan kay Allah sa pamamagitan ng pagtupad sa Kanyang mga utos at pananatili sa pagsamba sa Kanya araw-araw hangga't maaari.

Kasama rito ang pagsunod sa mga kautusan sa Banal na Qur'an at sa huling Sugo—si Propeta Muhammad ﷺ

1-Manampalataya at magpatotoo na walang ibang diyos na karapat-dapat sambahin maliban kay Allah, at si Muhammad ibn Abdullah ay Kanyang huling sugo at alipin, ang sukdulan ng hanay ng mga propetang ipinadala sa sangkata n mula pa kina Adan, Noe, Abraham, Moises, Dawud (David), Sulayman (Solomon), at si Hesus na anak ni Maria—sumakanila ang kapayapaan.



Pag aanyaya Para sa mga Pilipino

2-Itaguyod ang limang takdang pagdarasal (salat) sa itinakdang oras.

3-Magbigay ng zakat (buwis para sa kawanggawa, humigit-kumulang 2.5% ng kabuuang ari-arian taun-taon).

4-Mag-ayuno tuwing buwan ng Ramadan.

5-Mag-pilgrimahe (Hajj) sa Banal na Bahay sa Mecca kahit isang beses sa buhay kung may kakayahan at ligtas ang daan.

Para sa di-naniniwala, ang layunin ng buhay ay magkamal ng yaman, kapangyarihan, at katungkulan, at magpakalig sa pagkain, alak, droga, pakikipagtalik, at sugal. Ngunit walang maidudulot itong kabutihan sa libingan, sa Araw ng Paghuhukom, o sa Kabilang Buhay. Sa huli, haharap siya sa tanong:

Ano ngayon?

Ano ang susunod?

Saan ako patutungo?

Ano ang mangyayari sa akin?



Pag aanyaya Para sa mga Pilipino

Malalaman niya—tiyak na malalaman niya. Ngunit ano ang silbi ng kaalamang iyon sa huli?

Tinutugunan ng Islam ang palaisipan ng buhay.

Nagbibigay ito ng kasagutan sa mga tanong ng tao sa lahat ng antas at aspeto. Simple lamang:

para sa isang mananampalatayang Muslim, ang layunin ng buhay ay maaaring ilarawan sa dalawang salita:

Sumunod sa Diyos!

Pangwakas na Konklusyon:

Ang ating tanging layunin at kaligtasan ay nasa dalawang salitang ito. Dapat nating makilala ang ating Manlilikha, Tagapagpanustos, at Pangwakas na Hukom.



Pag aanyaya Para sa mga Pilipino

Dapat nating makilala ang ating Manlilikha, Tagapagpanustos, at Pangwakas na Hukom. Dapat tayong matutong maniwala sa Kanya, magpasalamat, magpuri, magparangal, at sumamba sa Kanya lamang nang walang kasosyo mula sa Kanyang nilikha.

Dapat nating makilala ang Kanyang mga Propeta at ang kanilang mga mensahe, at matutunan ang Kanyang Salita na direktang ipinahayag at iningatan mula noon hanggang ngayon.

Ang mga bukas ang puso at isipan sa paghahanap ng katotohanan ay kikilalanin ito bilang mensaheng may katapatan at katotohanan. Buksan mo ang iyong puso at isipan ngayon at hilingin sa Diyos na Makapangyarihan sa lahat na gabayan ka sa Kanyang Tunay na Landas. At maging handa na tanggapin ang iyong tunay na layunin sa buhay.



PHILIPPINES

WWW.filipino.midadedev.com

جمعية طريق الحرير للتواصل الحضاري

مركز دعوة الفلبين

الرياض - حي الريان

الهاتف +966112270607

جوال +966534114444



SA1880000204608015540549 **مصرف الراجحي**

Pag aanyaya Para sa mga Pilipino